# **Mga Balita** | Dateline Philippines



## MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# Ang Aking Current Temple Recommend—Isang Natatanging Bagay

Ni Elder Ian S. Ardern
Philippines Area Presidency



*Mag-iibayo ang inyong espirituwal na kapangyarihan kung isasaysay ninyo ang inyong pagkamarapat sa inyong mga priesthood leader, magtatamo kayo ng temple recommend at dadalhin-dalhin ninyo ito.*

Napakapalad nating magkaroon ng dalawang templo sa Pilipinas at ng isa pang templo na ibinalitang itatayo. Ang mapagpala nang gayon ay tanda ng paglago ng Simbahan sa Pilipinas, ng pagmamahal ng Panginoon sa mga tao at ng pananampalataya ng maraming miyembro. Itinatatag ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa Kapuluang ito subalit napakarami pang gagawin.

Mangyari pa, para tunay na makinabang sa mga templong ito kailangan nating gamitin ang mga ito. Kapag dumami ang nakikibahagi sa templo, makakagawa tayo ng mga sagradong tipan na tutulong sa atin na manatiling matatag sa oras ng paghihirap, mapalakas ang ating sariling patotoo tungkol kay Jesucristo bilang ating Tagapagligtas, at maisagawa ang mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan para sa ating pumanaw na mga kamag-anak at iba pa.

Ang binyag at kumpirmasyon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay naghahatid ng mga pagpapala sa mga miyembro nito, ngunit hangga't hindi tayo nakakapasok sa templo at hindi natin natatanggap ang lahat ng pagpapalang naghihintay sa atin doon, hindi pa natin nakakamtan ang lahat ng maihahandog ng Panginoon. Ang pinakamalalaking pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan ay yaong natatanggap natin sa mga templo ng Diyos.

Para makadalo sa templo kailangan ninyo ng mahalagang kaloob na current temple recommend. Ang kaloob na ito ay dapat hangarin regular man kayong makadalo sa templo o hindi. Mag-iibayo ang inyong espirituwal na kapangyarihan kung isasaysay ninyo ang inyong pagkamarapat sa inyong mga priesthood leader, magtatamo kayo ng temple recommend at dadalhin-dalhin ninyo ito. Alam ko na kapag binuksan ko ang aking pitaka at nakita ko ang aking temple recommend maaalala ko kung sino ako at ano ang inaasahan ng Panginoon sa akin.

Ang mga tahanan ng LDS sa Pilipinas ay magiging espirituwal na mas matatag kapag naging karapat-dapat ang mga magulang at kabataan sa temple recommend; isang full recommend para sa matatanda at isang limited use recommend para sa mga kabataang lalaki at babae at mga young single adult. Kung kayo ay nasa edad na para maging karapat-dapat sa temple recommend ngunit may "bagay" na pumipigil sa inyo, magpasiya ngayon na lutasin ang "bagay" na iyon at gawing karapat-dapat ang inyong sarili na makapasok sa templo.

Ano ang mga pamantayan para magkaroon ng recommend? Ipinaalala sa atin ng Mang-aawit: "Sinong aahon sa bundok ng Panginoon? at sinong tatayo sa kaniyang dakong banal? "Siyang may malinis na mga kamay at may dalisay na puso." (Mga Awit 24:3-4)

Ang malilinis na kamay at dalisay na puso ay nakabatay sa ating

paniniwala sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo at sa Espiritu Santo at sa katotohanan ng Pagbabayad-sala, sa ating katapatan sa mga tipan at pagsunod sa mga kautusan at sa kahandaan nating maglingkod at dumalo sa mga pulong ng Simbahan. Ang pamantayan ay isang bagay na itinakda ng Panginoon at hindi napakahirap para hindi maisagawa. Lahat tayo ay maaaring magkaroon ng current temple recommend.

Noong tinedyer pa ako nakita ko ang sakripisyo ng maraming Pacific Islander na makaipon upang makapaglakbay mula sa kanilang tahanan sa Pulo papunta sa templo sa Hamilton, New Zealand, at nakita ko na ang ilang gayon ding sakripisyo sa Pilipinas. Mukhang halos laging kailangan ng kaunting sakripisyo para makadalo sa templo. Ang ilan ay nahihirapang makaipon at ang iba naman ay nahihirapang magbayad ng buong ikapu o sumunod sa Word of Wisdom o maglaan ng oras para makadalo. Anuman ang paghihirap, magiging karapat-dapat kayong magkaroon ng temple recommend at makadalo sa templo hangga't gusto ninyo kapag nadaig ninyo ito.

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na, "Kung hindi pa kayo nakapunta sa templo o kung nakapunta na kayo ngunit sa ngayon ay hindi kayo karapat-dapat humawak ng recommend, wala nang ibang mas mahalagang mithiing dapat ninyong pagsikapan kundi maging karapat-dapat na makapunta sa templo" ("Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona*, Mayo 2011, 93).

Nakikiisa ang Area Presidency kay Pangulong Monson sa paghihikayat sa mga may temple recommend na gamitin ito, sa mga dating may recommend ngunit ngayon ay wala na, na maging karapat-dapat na muli para dito at sa mga hindi pa nakakuha ng kanilang unang recommend na ihanda ang kanilang sarili para sa mahalagang pagpapamalas na iyon ng kanilang pagkadisipulo at pagbabalik-loob kay Cristo. ■



Litrato kuha ni Noel Maglaque

## Nasagip

Isinulat ni Gelene Tobias Domagsang, ayon sa kuwento ni Baldwin R. Felipe

Hindi ako nagsimba nang 22 taon. Ngunit malakas ang aking patotoo na, katulad ko, may pag-asa yaong mga naliligaw ng landas.

Ako ay 15 anyos nang mabinyagan noong ika-30 ng Enero, 1987. Ang kaibigan kong miyembro ng ibang relihiyon ay naging interesado sa Simbahan at inimbitahan ang mga missionary sa bahay niya. Siya ang naghikayat sa akin na siyasatin din ang Simbahan. Nabinyagan ako sa Gubat Branch, Sorsogon.

Lumuwas ako ng Maynila noong Abril 1988 para magpatuloy sa pag-aaral. Pagkatapos ay inusig ako ng aking mga kamag-anak at pinahina nila ang loob ko tungkol sa Simbahan. Hindi nagtagal, tumigil ako sa pagsisimba. Sinimulan kong labagin ang ilan sa mga kautusan. Sa panahong ito tapos na ako sa pag-aaral, at may asawa at tatlong anak na.

Sa loob ng 22 taon, hindi ako aktibo—hanggang isang hapon, dalawang babae ang nagpunta sa tindahan ko para bumili ng ice cream. Wala akong kamalay-malay na babaguhin nito ang lahat.

Tila napakasaya at tuwang-tuwa ang mga babae. Nagtaka ako at itinanong ko kung para kanino ang binibili nilang ice cream. Sabi nila ibibigay daw nila iyon sa kaibigan nilang missionary na may kaarawan noon. Tumuro sila sa kabila ng kalye at nakilala ko ang dalawang full-time missionary na nakasuot ng itim na nametag.

Ipinakilala ako ng dalawang babae sa mga missionary at simula noon, nagpupunta na sa amin nang dalawang beses sa isang linggo ang mga missionary na ito para turuan kami tungkol sa ebanghelyo. Noong una itinanong ko sa aking sarili kung posible pa ba akong bumalik sa Simbahan. Maraming taon na akong hindi nagsisimba. Gayunman, nagsimula ring bumisita sa amin ang ibang mga miyembro ng Simbahan at sa tulong nila, nagkaroon ako ng lakas ng loob na muling magsimba noong Agosto 2010.

Patuloy akong nagsimba hanggang sa mabigyan ako ng tungkulin sa elders quorum. Sa taon ding iyon, nabinyagan ang aking asawa at panganay na lalaki. Sumapi rin sa simbahan ang kapatid kong babae at pamangking lalaki. Nang mag-otso anyos ang anak kong babae





Litrato ipinagkaloob ng Felife Family

*Si Bishop Baldwin R. Felipe at ang kanyang pamilya ngayon ay napakaaktibong miyembro ng Lagro Ward, Fairview Philippines Stake.*

bininyagan din siya.

Masayang-masaya ako at tiwasay dahil tinanggap ng buong pamilya ko ang ebanghelyo. Sa tulong at suporta ng mga lider at miyembro ng Simbahan, na-endow kaming mag-asawa noong ika-17 ng Mayo, 2012, at nabuklod kami bilang pamilya sa templo. Hinding-hindi ko malilimutan ang kagalakang nadama ko nang makita ko ang aking mga anak na nakaputing damit na parang munting mga anghel.

Natawag ako bilang bishop noong Enero 2013. Bilang produkto ng pagpapaaktibo, talagang malakas ang aking patotoo sa binibigyang-diin ng ating area na, "Sagipin ang Nawawala." Kapag naging tapat tayo at dinoble ng bawat miyembro ng Simbahan ang kanyang pagsisikap, alam ko na matutukoy natin ang mga pangangailangan ng "nagbabalik na mga miyembro" at matutulungan natin silang bumalik sa kawan.

Tunay ngang katulad ko—may pag-asa ang mga naliligaw ng landas. ■

## Sa Kawan Sila Ibinabalik

Ni Roxanne J. Montojo

Mahalaga ang tungkuling ginagampanan ng mga priesthood holder sa ating mga pulong tuwing Linggo, sa pangangasiwa sa Simbahan at sa pagsasagawa ng mga ordenansa ng ebanghelyo na kailangan para sa ating kaligtasan at kadakilaan. Nang ipaalam ang mga mithiin ng area sa mga Pilipinong Banal, "pagsagip" na ang pinagtuunan ng pagsisikap ng lahat ng miyembro sa bansa sa lahat ng pulong, training at aktibidad natin. Lubha silang nagtuon sa pagpapaaktibo ng mga priesthood holder.

Naging abala ang mga priesthood leader sa iba't ibang stake at district sa bansa sa malaking pagsisikap na sagipin ang maraming di-gaanong aktibong priesthood holder hangga't kaya nila. Ang ilan sa kanila ay nagbahagi ng mga ideya sa mga hakbang na ginawa ng kanilang stake ng Sion sa pagsagip, at [pagtulong sa mga napaaktibo] na makabahagi sa mga gawain sa templo.



Epektibo sa Davao Stake ang pagsasagawa ng mahahalagang bagay na itinuro noon pa man: una ay kilalanin ang ating mga kapatid na nawawala; ikalawa ay magtuon sa ilan; ikatlo ay hanapin sila at ikaapat ay tugunan ang kanilang mga pangangailangan. Yamang ang pokus ng area ay "pagsagip," lahat ng pulong nila ay nakatutok sa direksyong iyan.

Regular na kinakausap ng aming stake presidency ang mga bishops para hilingan silang mag-ulat tungkol sa mga taong aming sinasagip. Nagtagumpay na ang ilan sa aming mga bishop na maibalik ang mga priesthood holder sa pagtutuon lamang sa lima sa bawat pagkakataon at pagtiyak na binibisita sila buwan-buwan ng mga home teacher nila. Napakahalaga sa pagbabalik at pananatili ng napaaktibong mga priesthood holder ang malaman kung paano tinugunan ng mga bishop at miyembro ng korum ang kanilang mga pangangailangan.

**Philip A. Tan**
*Tagapayo, Davao Philippines Stake*



Si Brother Eugene Ferrer ay nakapaglingkod na sa bishopric nang ilang panahon at kamakailan ay natawag na mangulo sa Sta. Cruz Ward. Nagbahagi rin siya ng kanyang ideya tungkol sa pamamaraan nila sa pagsagip sa kanilang mga miyembrong lalaki.

"Ang pinakaepektibong pamamaraan para maibalik ang di-gaanong aktibong mga priesthood holder sa aming ward ay ang bigyan sila ng responsibilidad. Responsibilidad ang pampasiglang nagtutulak sa isang priesthood holder na maging mas tapat sa ebanghelyo ni Jesucristo. Naeengganyo siyang kumilos para sa kaharian ng Diyos dahil inspirado siya at nabibigyang-inspirasyon at nagaganyak niya ang ibang mga priesthood holder dahil kumikilos siya," pagbabahagi ni Brother Ferrer.

"Binigyan namin ng mga tungkulin yaong mga tinatawag na 'bungang madaling pitasin' o di-gaanong aktibong mga priesthood holder na handa nang maging aktibo. Karamihan ay tinanggap ang tungkulin at ngayon ay napakasipag nilang gumanap sa tungkulin. Pagkatapos ay muli namin silang pinapangakong magbayad ng buong ikapu at bukas-palad na magbigay ng handog-ayuno. Para masunod ang mga batas

na ito, kinalimutan ng aming bagong napaaktibong mga priesthood holder ang kanilang sarili. At sa huli, inihahanda namin silang mapanibago o matanggap ang mga tipan sa templo. Nitong huling ilang buwan, dumami ang nakibahagi mula sa aming ward lalo na ang bagong napaaktibong mga priesthood holder sa mga aktibidad sa templo tulad ng pagbubuklod, pagpapa-renew ng temple recommend, personal endowment, at iba pang mga aktibidad sa templo," pagbabahagi ni Brother Ferrer.

**Eugene G. Ferrer**
*Bishop, Sta. Cruz Ward*
*Manila Philippines Stake*



May sariling paraan ang mga priesthood leader para maibalik ang isang di-gaanong aktibong priesthood holder. Ibinahagi ni Vicente Pag-ong, pangalawang tagapayo sa stake presidency, na sinisikap nilang maging matatag ang ugnayan ng isang di-gaanong aktibong miyembro at ng home teacher na nakatalaga sa kanya. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng regular na pagbisita na sinusuportahan ng kanilang presiding priesthood leader. Partikular din sila sa oras na itinatakda nila sa kanilang di-gaanong aktibong priesthood holder at tinitiyak nila na dumarating sila sa oras. Nakita nila na epektibo ang pagkakaroon ng isang ugnayang may tiwala sa lahat ng pagsisikap nilang sumagip. Nagpapakita rin sila ng pagmamahal at malasakit, na hinahayaang malaman ng di-gaanong aktibong priesthood holder kung paano sila kailangang tumulong sa Simbahan sa gawain ng Panginoon.

**Vicente Pag-ong**
*Pangalawang Tagapayo*
*Butuan Philippines Stake*



Sa Bayugan Ward, Butuan Stake, tinitiyak ni Bishop Hector Macalalag na bawat pamilyang miyembro ay may home teacher. May buwanan ding pagbisita ng ward ang mga miyembro ng ward. May buwanan ding pagbisita ang mga home teacher sa nakatalaga nilang mga pamilya ayon sa iskedyul na itinakda nila. Sinabi rin niya na ang kanilang stake ay may programang tinatawag na **"bawat tahanan ay dapat magkaroon ng Liahona at kumpletong mga aklat ng banal na kasulatan"** na matagal na nilang ipinlano at ginagawa. Nalaman ng Bayugan ward na epektibo ito sa pagpapanatili dahil madali silang papangakuing magdaos ng pampamilya at pansariling pag-aaral ng banal na kasulatan. Namimigay rin sila ng magasin ng Simbahan at nagpapadala ng paanyaya at bumibisita sa di-gaanong aktibong mga priesthood holder sa lahat ng aktibidad at fireside nila sa Simbahan. Ang huli, magiging makabuluhan ang Sabbath kapag nakaplano ang mga sacrament meetings. "Nadama ko ang Espiritu, at babalik ako sa isang Linggo," ang sabi ng isang nagbabalik na priesthood holder.


**Hector Macalalag**
*Bishop, Bayugan Ward*
*Butuan Philippines Stake*



Bilang mga kapatid sa priesthood, may mga espesyal na oportunidad tayong paglingkuran ang ating kapwa mga priesthood holder at manatiling aktibo sa simbahan. Ang isang halimbawa ay ang oportunidad na ipakita ang ating pagmamahal sa kanila. Bukod pa sa pagtulong sa kanila sa oras ng pangangailangan at pagpapaalam ng kanilang mga pangangailangan sa mga priesthood leader para angkop itong matugunan, maipapakita rin natin ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng maliliit na bagay. Tulad ng itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson, ang maliliit na bagay ay maaaring malaking bagay na sa isang pamilya. Ang pag-alam sa kanilang kaarawan, sa pangalan ng mga miyembro ng kanilang pamilya at sa angkop na pagpapakita ng ating suporta sa mahahalagang okasyon sa kanilang buhay ay magpapadama sa kanila ng ating pagmamahal at dahil dito gugustuhin nilang bumalik at manatiling aktibo sa Simbahan. Kapag ipinakita natin na mahal natin sila, madarama nila ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit sa kanila sa ating mga

pagsisikap.

**Matthew M. Obial**
*Elders Quorum President*
*Quirino Second Ward, Quezon City South Philippines Stake*



Sa ward namin, nalaman namin na kung gusto naming ibalik ang di-gaanong aktibong mga kapatid namin sa priesthood, hindi lamang mga home teacher ang kailangang magsikap. Kailangan ang tulong ng buong ward council para maibalik ang aming mga priesthood holder. Nakakita kami ng tatlong paraan na talagang epektibo at pambihira ang mga ibinunga.

Bilang ward council, tinutukoy muna namin kung sino ang mga priesthood holder na inaasahan naming mapaaktibong muli ayon sa mga prayoridad – yaong mga nakapunta na sa templo, mga kapatid na mayhawak ng Melchizedek Priesthood at magiging mga Melchizedek Priesthood holder. Ikalawa, nagtatalaga kami ng matatatag na home teacher na personal silang kilala. Ikatlo, bilang mga miyembro ng ward council nangangako kami na palagian at tapat na tulungan ang aming di-gaanong aktibong mga priesthood holder.

**Febian Cacho**
*Bishop, Quezon City First Ward*
*Quezon City Philippines Stake*



Bilang mga ward missionary, magagawa rin namin ang aming tungkulin na tumulong na mapaaktibong muli ang aming mga kapatid sa priesthood. Ang pagpapaaktibong muli ay napakahalaga sa gawaing misyonero, dahil ang mga missionary kung minsan ay maaaring makakita ng mga taong tuturuan sa pamilya ng di-gaanong aktibong mga kapatid. Gayundin, nakalulungkot na makita na nagiging di-gaanong aktibo ang mga bagong miyembro bago pa man sila magkaroon ng oportunidad na mabigyan ng priesthood at mapagpala nito. Sa ward namin, tumutulong ang mga ward missionary sa mga pagsisikap na mapaaktibong muli ang priesthood sa iba't ibang paraan.

Sa mga coordination meeting namin, tinitiyak naming mabigyan ang aming di-gaanong aktibong mga kapatid ng mga fellowshipper na halos kaedad nila o kapareho nila ang mga interes. Halimbawa, isang di-gaanong aktibong lalaking young single adult (YSA) ang binigyan ng kapwa mga YSA para i-fellowship siya sa Simbahan at sa mga aktibidad. Tinitiyak naming maisali ang di-gaanong aktibong mga kabataang lalaki sa mga aktibidad para makasama nila ang kanilang mga kaedad na aktibo sa Simbahan at magkaroon sila ng oportunidad na kaibiganin sila. Halimbawa, kasalukuyan kaming nagdaraos ng mga basketball game sa aming stake na nagbibigay ng oportunidad sa mga kapatid sa priesthood na magkasama-sama at mapalakas ang isa't isa. Maliban sa pagbisita sa aming di-gaanong aktibong kalalakihan, niyayaya rin namin sila na sumama sa pagbisita sa iba pang kalalakihang katulad nila. Nalaman namin na habang nakikinig sila sa mga patotoo ng mga kasama nila kapag bumibisita sila, madalas silang makakita ng oportunidad na magpatotoo rin. Pinalalakas nito ang mga kasama nila at ang kanilang mga binibisita, at nagkakaroon din sila ng lakas na sila man ay maging aktibo. ■

**Arnold Fernandez**
*Assistant Ward Mission Leader*
*Quirino First Ward, Quezon City South Philippines Stake*

## Pateros 1st Ward Saints: Sumagip

Ni Ma. Teresa Canadalla- Pangilinan

Sa pagsunod sa payo ng Area Presidency, pumili ang Pateros Ward, Pasig Philippines Stake, ng 15 di-gaanong aktibong pamilya. Sa tulong ng bawat auxiliary, bawat pamilya ay tinuruan at binisita linggu-linggo. Sa pagsunod sa pamamaraang ito naparami nila ang dumadalo sa kanilang mga sacrament meeting noong 2012.

### SAMA-SAMANG MAGPLANO

Naorganisa ang bishopric. Nagtulungan sila at nagplano kasama ang mga full-time sister missionary. "Nirebyu namin ang talaan ng mga miyembro ng ward, nag-isip kaming mabuti, at maingat naming ipinlano ang

pinakamainam na programa sa pagpapaaktibong muli na kailangan sa ward," pagbabahagi ni Bishop Jay-R Sales.

Hinanap ng mga full-time missionary at inatasang mga miyembro ang tirahan ng di-gaanong aktibong mga miyembro. Pinangunahan ni Bishop Sales at ng kanyang asawa ang pagbisita sa mga di-gaanong aktibo. Nasagot ang kanyang mga dalangin nang magpadala ang Panginoon ng mga miyembrong lumipat sa ward para tumulong.

## SAMA-SAMANG MAG-AYUNO AT MANALANGIN

Ibinahagi rin ni Bishop Sales na nalaman niya na ang tagumpay ay nagmumula sa maraming pag-aayuno at panalangin. Itinuring niyang hamon ang mag-ayuno linggu-linggo at manalangin araw-araw. "Nakakita nga ako ng mga resulta at ibinahagi ko ito sa mga lider ng ward at kalaunan ay sa mga miyembro ng ward. Ang nakakagulat, mas naunawaan ng mga miyembro ang ebanghelyo habang patuloy naman ang matinding pag-unlad ng aming ward," sabi ni Bishop Sales.

## TUMULONG ANG LAHAT

"Mga kapatid, kailangan ng daigdig ang inyong tulong. May mga paa na dapat mapatatag, kamay na dapat abutin, isipan na dapat mahikayat, puso na dapat mapasigla, at mga kaluluwa na dapat mailigtas." (Thomas S. Monson, "Sa Pagsaklolo," *Liahona*, Hulyo 2001)

Tuwing Linggo kapag dumarating ang mga miyembrong napaaktibong muli, tinatabihan sila ng kanilang mga visiting at home teacher para i-fellowship sila. Hinihikayat nila ang mga miyembrong ito na magdaos ng family home evening linggu-linggo.



Litrato ipinagkaloob ng Sales Family

"Bilang bishop, ang personal kong mithiin ay i-fellowship ang bawat miyembro sa pagbisita sa kanila sa bahay nila, lalo na ang mga bagong binyag, bagong lipat at di-aktibo. Isang araw ng Linggo, pagkatapos ng sacrament meeting, nilapitan ko ang isang pamilya na bago sa tingin ko. Sabi nila 20 taon na silang hindi nakasimba. Nang bisitahin ko sila, nadama ko ang kanilang tuwa. Sinabi nila na noon lang binisita ng isang bishop ang kanilang pamilya," sabi ni Bishop Sales.

Lumipat si Bishop Sales sa Pateros 1st noong Hulyo ng 2010. Nakita niya na kailangan ng dagdag na tulong ng ward sa pamumuno, pagpapaaktibong muli at pagpapanatili ng mga miyembro. Nanalangin siya at hiniling sa Panginoon kung anong tulong ang maibibigay niya. Malinaw ang sagot – home teaching. Isang pagpapala rin na may dalawang Amerikanong couple missionary (mga temple worker) sa ward na malaki ang naitulong sa pangangalaga sa kapakanan ng bawat miyembro ng ward. Pagsapit ng Hunyo 2012, ang karaniwang dumadalo ay 133; pagsapit ng Hulyo - 140; Agosto - 174; at Setyembre - 185. Batay sa nakaraang mga talaan, ito ang pinakamataas na bilang ng mga dumadalo sa Pateros 1st ward. Tinanong ng mga pioneer sa Pateros kung paano nangyari ang positibong pagbabagong ito na sinagot niya nang simple – ganyan ang bisa ng home at visiting teaching. Naaantig ang mga miyembro kapag nakikita nilang lumalago at pinagpapala ang aming ward. Tunay ngang ang mga bilang ay kumakatawan sa mga tao – mga taong napakahalaga sa mga mata ng Diyos. ■

# “Bumangon at Magliwanag”

Ni Eliza Philline Tan



Litrato kuha ni Noel Maglaque

Sa isang madilim na mundo,
Sa piling ng makasariling mga tao,
Sundin ang iyong mga pamantayan;
Bumangon at magliwanag, tanglawan ang daan.

Sa oras ng kalituhan at kasiraan;
Sinusunggaban ng kaaway ang talunan;
Huwag kang sumuko, huwag kang bumitaw;
Bumangon at magliwanag; ikaw ay mangibabaw.

Kapag humadlang ang kahinaan;
At nawalan ka ng pag-asa;
Kapag nanaig ang kalungkutan;
Bumangon at magliwanag, huwag kang patangay sa kanila.

Bumangon! Ikaw ay anak ng Diyos.
Magtiis! Humawak sa gabay na bakal.
Magliwanag sa kadiliman ng gabi;
Bumangon at magliwanag; tanglawan mo ang iba.




## Panawagang Magsumite

Ang *Liahona* ay nangangailangan ng mga batang magsusumite para sa Ating Pahina. Maaaring magsumite ang mga batang edad 3 hanggang 12 ng mga drowing, retrato, patotoo, at karanasan. Maaari silang magsumite ng mga drowing ng bahay nila, ng pamilya nila, ng mundo sa paligid nila, ng templo, ng mga kuwento sa banal na kasulatan—halos kahit ano. Gayunman, huwag sanang magsumite ng drowing ng Tagapagligtas. Pakisulat ang pangalan ng bata, kanyang edad at kasarian, at pangalan ng ward at stake o branch at district. Kailangan ding magsama ng pahintulot ng magulang na ilathala ang isinumite (puwede na ang email). Maaaring magsumite sa anumang wika, at ipadala ito online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng email sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang “Our Page” sa subject line; o sa pamamagitan ng koreo sa:

**Liahona, Our Page**
**50 E. North Temple Street**
**Salt Lake City, UT 84150-0024, USA**